JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsuktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Kwarter 2 - Modyul 7:
## Agrikultura



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhaya – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode (ADM)**
**Kwarter 2 - Modyul 7: Wastong pamamaraan sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan**

**Unang Edisyon, 2020**

Paunawa hinggil sa karapatang sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293 na: Hindi maaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ng pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamitsa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na royalty bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabas sa telebisyon, pelikula at iba pa) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay sa isangkasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS) Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghingi ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinatawan ng tagapaglathala (publisher) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

**Development Team of the Module**
**Developer:** Susan A. Torlao
**Editor:** Allan T. Garcia, Ed.D.
James B. Delos Reyes, PhD
**Reviewers:** Laarni V. Miranda, Ed.D.
**Team Leader:** Elsa Marcos, Ed.D.
**Illustrator:** Gilbert B. Zamora
Marvin R. Torlao
**Layout Artist:** Susan A. Torlao
**Management Team:** Roy C. Tuballa, EMD., JD., CESO VI
Jay S. Montealto, CESO VI
Norma T. Francisco, DM
Mildred D. Dayao, Ed.D.
Laarni V. Miranda, Ed.D.
Aida F. Coyme, Ed.D.

**Printed in the Philippines**
Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula

Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center, Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur Province 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



## *ALAMIN*

Mabuhay! Ang modyul na ito ay naglalayong matulungan ang mga guro at mag-aaral na maipagpatuloy ang kanilang pagtuturo at ang pagkamit na karunungan sa panahon ng pandemya.

Idinisenyo at isinulat ang modyul na ito na kayo ang nasa isipan. Matutulungan kayo nito upang kayo'y maging mahusay, bihasa, at malayang mag-aaral sa pagkatuto ng mga aralin na may kaugnayan sa pag-aalaga ng hayop.

Nilalaman:

Ang araling ito ay magbibigay sa atin ng kaalaman tungkol sa wastong pag-aalaga ng ating mga hayop upang sila ay lumaki ng maayos at hind imaging sakitin. Tatalakayin dito ang wastong pamamaraan ng pag-aalaga ng hayop na tinukoy natin sa nakaraang aralin. Malalaman natin kung paano sila palalakasin sa pamamaraang wasto at maka-agham.

Malalaman natin dito ang mga dapat gawin at ibigay sa kanila (mga alagang hayop) upang sa gayon sila ay makakapagdulot ng kung ano ang maaasahan natin mula sa kanila.

Ang modyul na ito ay tungkol sa:

Wastong pamamaraan sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan.

Pagkatapos ng mga aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang ang:

2.1.1 paggawa nang maayos na pag-aalaga ng hayop

2.1.2 pagbibigay ng wastong lugar o tirahan

2.1.3 pagpapakain at paglilinis ng tirahan pagtatala ng pagbabago/pag-unlad/pagbisita sa beterinaryo nakagagawa ng plano ng pagpaparami ngalaga upang kumite



## *SUBUKIN*

Panuto: Sabihin kung **tama** o **mali** ang bawat pangungusp. Lagyan ng tsek (/) ang angkop na hanay.

| Mga Tanong | **TAMA** | **MALI** |
|---|---|---|
| 1. Ang pag-aalaga ng hayop ay isang kapaki-pakinabang na gawain. | | |
| Nakakatulong ang pag-aalaga ng hayop upang maalis ang ating stress at gumanda ang ating kalusugan. | | |
| 3. Sa wastong pag-aalaga ng ating mga hayop sila ay lumaki ng maayos na at sakitin. | | |
| 4. Malalaman natin kung paano ang mga hayop palalakasin sa pamamaraang wasto at maka-agham. | | |
| 5. Hindi nakakatulong ito upang maalis ang ating stress at gumanda ang ating kalusugan. | | |

| | | |
|---|---|---|
| 6. Sa pamamagitan ng wastong pag-aalaga ng hayop madadagdagan din ang kita ng mag-anak kung ito ay mapaparami at maipagbibili. | | |
| 7. Ang pag-aalaga ng hayop ay nakakastress. | | |
| 8. Ang maayos na pamamaraan ng pag-aalaga ng hayop ay upang lubos na mapakinabangan at masiyahan sa gawaing ito. | | |
| 9. Ang pag-aalaga ng hayop ay pag-aaksaya lamang ng oras at pagod. | | |
| 10. Ang pag-aalaga ng hayop ay puedeng gawing pakakakitaan o isang negosyo. | | |



## BALIKAN






maka-agham- Pag-aalaga ng hayop na naayon sa siyensiya o makasiyensiya.
*stress*- tensiyon o ang matinding pagod.
mapakinabangan- makatulong o magandang kalalabasan.
masiyahan- magbigay kasayahan.
bentilasyon**-** pagpapasok ng sariwang hangin.
mirasol-Ang mirasol, o mas kilala sa pangalang sunflower, ay isang namumulaklak na halaman na kilalang-kilala ng halos lahat.
Malanday-may balangkas o rabaw na nakakurba palabas, gaya ng eksteryor ng anumang bilóg o espero.






Panuto: Magmasid sa inyong pamayanan, alamin kung anu-anung uri ng hayop ang Inaalagaa at pinagkakakitaan ng mga tao sa Inyong lugay. Pumili at lagyan ng like  Ang mga hayop na pwedeng alagaan at pagakakakitaan at dislike  kung hindi.



1



2.



3.







4. 5.



7.



8.



9.



# *TUKLASIN*

Ang pag-aalaga ng hayop ay isang kapaki-pakinabang na gawain. Nakakatulong ito upang maalis ang ating stress at gumanda ang ating kalusugan. Madadagdagan din ang kita ng mag-anak kung ito ay mapaparami at maipagbibili. Kaya dapat nating malaman ang maayos na pamamaraan ng pag-aalaga upang lubos na mapakinabangan at masiyahan sa gawaing ito.

Tandaan at isaalang-alang ang lahat ng ito dahil dito nakasalalay ang ikauunlad ng pag-aalaga sa mga hayop at ang kapakinabangan nito.

A. Wastong pag-aalaga ng aso



1. Panatilihing malinis ang kulungan ng Aso.



2.Dapat magkaroon ng sapatna bentilasyon ang kulungan ng Aso.





3.Bigyan ng gamot na kontra bulate makalipas ang isa o dalawang linggo.

4.Bigyan ng sapat at malinis na tubig na mainom ang alagang aso.

5.Dalhin sa malapit na Beterinaryo upang maturukan ng anti-rabies.



a. Wastong pag-aalaga ng Kalapati

1.Ang bahay ng kalapati ay dapat nakaangat sa lupa upang hindi mapasukan ng daga. Ito ay dapat maluwag, mahangin, tuyo, at nasisiskatan ng araw. Kung maaari, itayo sa mga punong kahoy.



2. Gumawa ng pugad sa bawat isang inahin sapagkat mabilis silang mangitlog. Ang pugad ay maaaring yari sa dayami, tuyung dahon ng kugon o pinagkataman. Ang kahon aya dapat magkaroon ng taas na 72 sentimetro at lapad na 90 sentimetro



3. Ang Kalapati ay dapat pinapakain ng palay, mais, munggo, tinapay, at buto ng mirasol. Kailangan din silang bigyan ng pinaghalu-halo at dinurog na kabibi at uling na tinimplahan ng asin.

4. Pakainin sila sa pamamagitan ng pagsaboy ng pagkain, pagpapatuka sa lupa, sa palad, o paglalagay ng patuka sa isang lalagyang malanday. Halu-halo at dinurog na kabibi at uling na tinimplahan ng asin.



5. Bigyan ng sapat at malinis na tubig na inumin. Kailangang panatlihin ang kalinisan upang hindi magkasakit at dapuan ng mga peste ang mga ibon. Linisin ang kanilang bahay at pinagkakainan araw-araw



Sa pagpaplano ng pagpaparami ng alagang hayop ay maksisigurado tayo sa balak nating gawin. Ito ay makakatipid sa halaga at panahong iuukol. Mahalagang maitala natin ang dami ng bilang ng panganak ng alagang hayop at ang kikitain natin.

Alamin muna natin ang mga gabay sa pagpaplano. Ang sumusunod ay gabay sa pagpaplano ng pararamihig alagang hayop

Uri ng hayop sa tahanan- aso, kalapati, kuneho, at isda sa aquarium.

1. Kapaligiran- malapit sa tubig
    - malawak na bakuran
2. Lugar na mapaglalagyan- may tubig
    - may sikat ng araw
    - may hangin
    - may matibay, maayos, at malinis na kalusugan.
3. Klase ng produkto na maaring mibigay ng alagang hayop.
4. Maaaring kitain sa pagpaparami ng alagang hayop.



## *SURIIN*

Dapat sundin at isaalang-alang ang mga wastong pamamaraan upang maramdaman ng alagang hayop na sila ay mahal ng nag-aalga sa kanila.

Dapat ay:

- ➢ Binibigyan sila ng maayos at malinis na tirahan
- ➢ Maayos ang pag-aalaga sa kanila tulad ng pagpapaligo, pag-eehersisyo, at pagpapabakuna.
- ➢ Maayos na pagpapainom ng gamot kung kinakailangan
- ➢ Pinapakain ng maayos at masustansiyang pagkain.
- ➢ Nililinis ang kanilang tirahan at tulugan.
- ➢ Kinakausap tulad ng isang tao.

**Pakiusap…** Maiiwasan ang mga ito kung tayo'y magiging responsableng may-ari sa ating mga alagang hayop.



# *PAGYAMANIN*

Pag-masdan ang larawan sa gitna, ang mga hayop na ito ay ilan lamang sa mga mainam na alagaan sa ating tahanan o pamayanan. Punan ang web ng wastong pamamaraan sa pag-alaga ng aso, at kalapati. Isulat sa nakalaang Konsep Map.

Wastong pag-aalaga ng aso

1.

2.



3.

4.

5.

Wastong pag-aalaga ng Kalapati

6.

7.



8.

9.

10.

Panuto: Lagyan ng **masayang mukha**  ang kahong nakalaan kung ang larawan ay nagpapakita ng wastong pamamaraan ng pag-aalaga ng hayop at **malungkot na mukha**  kung ito ay nagpapakita ng hindi tamang paaraan ng pag-aalaga ng hayop. Isulat ang inyong sa sagot sa kahon



1.



2.



3.



4.



5.



6.



7.



8.



9.



10.



## ***ISAISIP***

Kumpletuhin ang bawat pangungusap ng mga angkop na salita.

1. Ang________________ay isang kapaki-pakinabang na gawain.
2. Nakakatulong ito upang maalis ang_____________at gumanda ang ating kalusugan.
3. Madagdagan ang_______ng mag-anak kung ito ay mapaparami at mapagbibili.
4. Kaya dapat nating malaman ang_____________na pamamaraan ng pag-aalaga ng hayop.
5. Sa_________________ng pagpaparami ng alagang hayop ay mabuting ay mabuting hakbang upang kumita at maiwasan ang pagkakamali sa binalak na gawain.



# ISAGAWA

A Panuto: . Punan ang web ng mga kabutihang dulot ng wastong pag-aalaga ng hayop o mga hayop.




B. Panuto: Pagtapat-tapatin ang hanay A sa napiling lugar sa hanay B kung saan ilalagay ang mga napiling hayop o mga hayop na dapat aalagaan.

**A** | **B**

1. Manok 

a. 

2.Bibe/Pato 

b. 

3.Kalapati 

c. 

4.Aso 

d. 

5. Kambing 

e. 



## *TAYAHIN*

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa nakalaang patlang.

_____1. Ang kulungan ng alagang hayop ay kailangan laging:
A. maliit C. mataas
B. malinis D. matigas

_____2. Upang mabigyan agad nang karampatang lunas ang alagang hayop, kumunsulta sa
A. doktor sa ospital C. matandang kapitbahay
B. beterenaryo D. may-ari ng hayop

_____3. Saan dapat dadalhin ang namatay na hayop sanhi ng pagkakasakit?
A. Ibabaon sa lupa C. Itatapon sa dagat
B. Ibinibigay sa kapitbahay D. Hayaan na lang sa loob ng kulungan

_____4. Ano dapat ang gawin sa hayop upang hindi pagala-gala sa kalye?
A. Ipamigay sa mga nais kumuha nito
B. Itali o igawa ng kulungan
C. Dalhin sa beterinaryo para ipaalaga
D. Huwag pakainin.

_____5. Dapat rin bang maging maingat ang nag-aalaga ng hayop.?
A. Opo C. minsa dapat
B. Hindi D. Huwag na



## *KARAGDAGANG GAWAIN*

Panuto: Punan ang talahanayan sa pamamagitan ng paggawa ng plano ng pagpaparami ng alagang hayop upang kumita na nakikita sa inyong paligid, ang uri nito at pakinabang dulot sa pamilya o pamayanan

| Uri ng Hayop | Klase ng Pagkain | Wastong lugar na Paglalagyan | Pakinabang/kabutihang dulot |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |



## *SUSI SA PAGWAWASTO*

**Pagyamanin**

1. Panatilihing malinis ang kulungan ng Aso.
2. Dapat magkaroon ng sapatna bentilasyon ang kulungan ng Aso.
3. Bigyan ng gamot na Kontra bulate makalipas ang isa o dlawang lingo.
4. Bigyan ng sapat at malinis na tubig na mainom ang alagang aso.
5. Dalhin sa malapit na Beterinaryo upang maturukan ng anti-rabies
6. Ang bahay ng kalapati ay nakaangat, maluwang, mahangin, tuyo, at nasisikatan ng araw.
7. Gumawa ng pugad sa bawat isang inahin sapagkat mabilis silang mangitlo.
8. Ang Kalapati ay dapat pinapakain ng palay, mais, munggo, tinapay, at buto ng mirasol.

9. Pakainin sila sa pamamagitan ng pagsaboy ng pagkain, pagpapatuka sa lupa, sa palad.
10. Bigyan ng sapat at malinis na tubig na inumin. Kailangang panatiliin ang kalinisan.




| **Isaisip** | **Isagawa** | |
|---|---|---|
| 1. Pag-aalaga ng hayop | A. 1. Kapaki-pakinabang na gawain | B. 1. e |
| 2. Stress | 2. Nakatutulong upang maalis ang stress | 2. d |
| 3. Kita | 3. Makapagbibigay ng kita | 3. a |
| 4. Maayos | 4. Nakapagbibigay ng pagkain | 4. b. |
| 5. Pagpaplano | 5. Nakapagbibigay kasiyahan | 5. c. |

**Tayahin**

1.B 2..B 3..A 4. B 5. C

## *SANGGUNIAN:*

"K TO 12 GRADE 4 LEARNER'S MATERIAL IN EPP," Department of Education

*"Edukasyong Pantahanan At Pangkabuhayan 4,"* 1st ed. Department of Education, 2015